IJMERI

Volume 03 Issue 03 | August 2025 Article 23

**E- ISSN:** 2980-4760
**P- ISSN:** 2980-4752

ORIGINAL ARTICLE

# Pagsusuri sa mga Antas ng Wika ng mga Pinoy Bands

# An Analysis of the Language Levels of Filipino Bands

**Aizel Joy C. Celeste**[1]

[1]*Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Philippines*

Corresponding Author's Email: celesteaizeljoy06@gmail.com




## ABSTRAK

Ang pananaliksik na ito ay isang kwalitatibong pag-aaral na gumagamit ng Diskursong Pagsusuri (Discourse Analysis) upang suriin ang antas ng wika at temang nilalaman sa mga kanta ng mga Pinoy bands. Layunin ng pag-aaral na matukoy ang paggamit ng pormal at di-pormal na mga salita tulad ng kolokyal, balbal, lalawiganin, pambansa, at pampanitikan gayundin ang mga tema at mensahe na ibinabahagi sa pamamagitan ng mga kanta. Ginamitan ng Register Analysis Framework ni Halliday (1964) ang pagsusuri sa antas ng wika batay sa field, tenor, at mode, habang ang pagsusuri sa tema at mensahe ng kanta ay isinagawa gamit ang Systemic Functional Linguistic Framework ni Halliday (1961) na nakatuon sa ideational, interpersonal, at textual metafunctions. Mula sa pagsusuri ng 51 kanta ng iba't ibang Pinoy bands, natuklasan na mas nangingibabaw ang paggamit ng kolokyal at balbal na wika, kasunod ang pambansa at pampanitikan, habang ang lalawiganin ay madalang gamitin. Lumitaw rin na ang mga kanta ay nagpapahayag ng makabuluhang karanasan, damdamin, at pananaw ng mga awtor na tumutugon sa koneksyon ng mang-aawit at tagapakinig. Sa kabuuan, ipinapakita ng pag-aaral na mahalagang sangkap ng awit ang wikang ginagamit at ang pagpili ng mga salita pormal man o di-pormal ay may malaking ambag sa bisa at lalim ng mensahe ng mga kanta ng Pinoy bands.

***Mga Susing Salita:*** *antas ng wika, systemic functional linguistics, pinoy bands, tema at mensahe*

## ABSTRACT

This qualitative study utilizes Discourse Analysis to examine the levels of language and thematic content found in songs by Filipino bands. The primary goal is to identify the use of formal and informal language such as colloquial, slang, regional, national, and literary expressions as well as to explore the themes conveyed through these songs. The research employs Halliday's (1964) Register Analysis Framework to analyze language use based on field, tenor, and mode, and uses Halliday's (1961) Systemic Functional Linguistics Framework to assess ideational, interpersonal, and textual metafunctions in the songs. Based on the analysis of 51 songs from various Filipino bands, findings reveal a



Published by IJMERI, Saint Joseph College, Southern Leyte, Philippines
Website: http://www.ijmeri.com/
This is an open access article under the CC BY license

predominant use of colloquial and slang language, followed by national and literary terms, while regional expressions appear less frequently. The songs reflect meaningful expriences, emotions, and perspectives of the artists, establishing a connection between the performer and the audience. Overall, the study demonstrates that language choice plays a crucial role in enhancing the message and emotional impact of Filipino band songs whether through formal or informal expressions, the original intent and essence of the lyrics are effectively conveyed.

***Keywords:*** *level of language, systemic functional linguistics, filipino bands, theme and message*

**Recommended Citation**
Celeste, A. J. (2025). Pagsusuri sa mga Antas ng Wika ng mga Pinoy Bands. *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation. 3*(3), 408-433.

## INTRODUKSYON

Ang musika ay isang mahalagang bahagi ng kulturang Pilipino, hindi lamang bilang isang anyo ng aliwan kundi bilang isang makapangyarihang paraan ng pagpapahayag, pagkakakilanlan, at komunikasyon (Borthwick & Moy, 2020). Isa sa mga pangunahing elemento na nakaaapekto sa epekto at pagtanggap ng isang kanta ay ang wikang ginagamit sa mga liriko. Ang wika sa musika ay hindi lamang naghahatid ng mensahe, ito ay sumasalamin sa sosyo-kultural na konteksto ng panahon. Ang Pilipinas ay isa sa mga bansang mayaman sa pagkakaiba-iba ng wika, ang paggamit ng iba't ibang antas ng wika maging pormal, kolokyal, o balbal ay maaaring makaimpluwensya nang malaki sa kung paano tumatagos ang isang kanta sa mga nakikinig nito.

Sa bansang Estados Unidos, partikular na sa mga tagapakinig ay nakaranas ng hirap sa pag-unawa ng mga liriko dahil sa paggamit ng kolokyal at balbal na wika sa mga kanta tulad na lamang sa mga banda. Kadalasan, gumagamit ang mga artista ng iba't ibang antas ng wika upang mas mapalalim ang mensahe o maipahayag ang kanilang kultural na identidad. Dagdag pa rito, kung ang isang tao ay hindi pamilyar sa mga salitang ito ay maaaring mahirapan siyang maintindihan ang kahulugan ng mga liriko, kaya ang kahusayan sa wika ay malaki ang epekto sa karanasan ng pakikinig (Espada, 2020).

Sa Pilipinas partikular na sa Surigao del Norte na kung saan ang pangunahing wika ay Surigaonon at iba pang lokal na diyalekto ay naglalarawan ng isang mahalagang isyu sa pag-unawa at paggamit ng iba't ibang antas ng wika sa Pilipinas. Sa partikular, ang mga kabataan at mga residente mula sa mga liblib na bayan ay madalas na nahihirapang umintindi ng mga awitin o teksto na gumagamit ng pormal na antas ng wika tulad ng Filipino na kadalasang ginagamit sa mga pambansang kanta. Sa konteksto ng mga kanta, mas nahihirapan silang unawain ang mga liriko na nasa anyong pormal sa kadahilanang ang kanilang wikang ginagamit sa pang-araw-araw ay ang kanilang pangunahing wika na mas nakadudulot ng limitasyon sa kaalaman ng wika (Penera, 2021).

Kung kaya, ang pag-aaral na ito ay may malaking kahalagahan para sa mga musikero, manunulat ng liriko, edukador, at mga tagasuri ng kultura na nagnanais na masusing maunawaan ang papel ng wika sa musika at ang implikasyon nito para sa sambayanang Pilipino. Isa rin itong mahalagang ambag tungo sa pangangalaga at pagpapaunlad ng wikang Filipino sa gitna ng patuloy na pagbabago sa

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

larangan ng musika at popular na kultura. Higit pa rito, ang pananaliksik na ito ay napapanahon sapagkat kinikilala nito ang mabilis na pag-unlad ng musika na dulot ng globalisasyon, gayundin ang dinamiko at pabago-bagong katangian ng wikang Filipino. Sa kontemporaryong musikang Pilipino, kapansin-pansin ang paghahalo ng pormal at di-pormal na anyo ng wika, isang pagkakabagay na may impluwensiya hindi lamang sa artistikong kalidad ng mga likha kundi maging sa pagtanggap at interpretasyon ng iba't ibang uri ng tagapakinig.

Gayumpanan, maraming mga mananaliksik ang nagsagawa ng pag-aaral, gaya ng pag-aaral ni Banguis (2021) na pinamagatang "Semoitic Analysis of Some Selected OPM Songs", "Analysis on Code-Switching in Pinoy Songs" ni Villadarez (2021), at "A Linguistic Analysis of Tagalog-English Code-Switching in OPM Love Songs" nina Alejandro et al. (2021). Subalit isa sa mga pag-aaral na ito ay nakapokus lamang sa code-switching at semiotic analysis at walang ugnayan sa pagsusuri ng antas ng wika na ginamit sa mga kanta ng Pinoy bands. Dahil dito, nakikita ng mananaliksik ang pangangailangang maisagawa ang pag-aaral na tutukoy sa pagsusuri ng mga antas ng wika sa mga kanta ng Pinoy bands.

### Paglalahad ng Sulıranın

Sa pagsasagawa ng kwalitatibong pag-aaral gamit ang diskursong pagsusuri, ang dalawang pangunahing katanungan sa pananaliksik ay magiging batayan upang matukoy ang layunin ng isasagawang pag-aaral.

1. Ano-ano ang mga salitang kolokyal, balbal, lalawiganin, pambansa, at pampanitikan ang ginamit sa mga kanta ng mga Pinoy bands?
2. Ano-ano ang mga pangunahing tema at mensahe na ipinapahayag sa mga kanta ng mga Pinoy bands?

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Sa pag-aaral na ito, ginamit ng mananaliksik ang kwalitatibong paraan ng pananaliksik na nakatuon sa Diskursong Pagsusuri (Discourse Analysis). Sa halip na mga numero, ang pokus ng ganitong uri ng pananaliksik ay ang mga salita, ideya, at karanasan ng mga tao gaya ng mga teksto, video, o audio upang mas malalim na maunawaan ang kannilang pananaw at damdamin (Bhandari,2020).

Gayunpaman, layunin ng ganitong pamamaraan na masilip hindi lamang ang nilalaman kundi pati na rin ang mas malalim na kahulugan sa likod ng mga ito. Sa kontekstong ito, sisiyasatin ng mananaliksik ang mga antas ng wika sa mga kanta ng pinoy bands. Gagamitin ang masusing pagsusuri sa mga liriko upang tuklasin ang gamit ng wika at kung paano nito naipapahayag ang mga ideya o damdamin. Sa huli, inaasahang makabubuo ng malinaw na interpretasyon at makabuluhang konklusyon mula sa mga natuklasan.

### Instrumento sa Pananaliksik

Sa pag-aaral na ito ang mga naitalang parirala ay nanggaling sa mga kanta ng mga Pinoy bands na mula sa masusing pag-oobserba at pagmamasid ang siyang gagamitin bilang materyales sa pagsusuri.
Para matiyak ang katumpakan ng mga datos na makakalap, susundin ng mananaliksik ang mga pamamaraan na ginamit ni Ardiantari at Swabawa (2023). Una, ang mga kantang gagamitin ay dapat mula sa isang sikat na Pinoy band at susuriin sa dalawang pangunahing aspekto: ang antas ng wikang

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

ginamit at ang tema at mensahe ng buong kanta. Pangalawa, dapat tiyakin na ang mga kantang gagamitin ay orihinal na gawa ng mga Pinoy band. Ikatlo, ang mga datos ay dapat itala sa eksaktong panahon at tagal na itinakda ng mananaliksik, partikular na sa taong 2025.
Ayon kina Creswell at Poth (2018), ang isang sapat na bilang ng mga datos ay isang mahalagang pamantayan sa pagsasagawa ng kwalitatibong pananaliksik. Sinasabi nila na ang 10-100 na materyales sa pananaliksik ay sapat na para sa pagsusuri ng diskurso, at ang pinakamainam na bilang na sinusuri ay 50, na may kinalaman sa isang yunit ng pagsusuri. Bagama't maaaring magbigay ng hindi gaanong malinaw na larawan ang bilang na 50-100, ang pangangailangan para sa sapat na datos ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagpapakita ng iba't ibang antas ng wika sa pagsusuri.

### Paglikom ng Datos

Sa pagkolekta ng datos, sinunod ng mananaliksik ang mga pangunahing pamamaraan sa pagsasagawa ng isang pag-aaral. Ang pagsasagawa ng isang kwalitatibong pag-aaral ay dapat na maingat na isinaayos sa isang kritikal na paraan (Cresswell & Poth, 2018).

Bilang tugon dito, kumunsulta ang mananaliksik sa kanyang tagapayo bilang unang hakbang upang suriin at talakayin ang pagpili ng mga kanta sa mga Pinoy bands na gagamitin bilang korpora sa pag-aaral. Nang maaprubahan ng tagapayo ang mga napiling korpora, humingi naman ng aprubasyon ang mananaliksik para sa manuskrito mula sa kanyang tagapayo at kumuha ng sulat ng pagsang-ayon upang simulan ang proseso ng pagpapadala ng manuskrito sa tatlong tagasuri ng papel pananaliksik upang masuri ang kawastuhan ng papel pananaliksik.

Matapos maaprubahan ng tatlong tagasuri ang manuskrito, isinumite ito sa Research Office para sa ethics review. Nang maibigay ng tagapamahala ng opisina ang compliance certification ng ethics review, sinimulan na ng mananaliksik ang pagkolekta ng mga kanta ng Pinoy bands na susuriin.
Upang makalikom ng mga kanta sa mga Pinoy bands, naghanap ang mananaliksik sa internet upang makahanap ng mga pangalan ng banda na gagamitin upang pagbabasehan sa paghahanap ng mga kanta. Tulad na lamang sa nahanap ng mananaliksik, ang mga bandang Siakol, Parokya ni Edgar, Itchyworms, Bamboo, Tanya Markova, Rocksteddy, Orange and Lemons, Gracenotes, Sponge Cola, Kamikazee, Sugarfree, at Bisrock. Nakalikom ang mananaliksik ng higit limampu't isang (51) kanta na siyang gagamitin bilang korpora ng pag-aaral.

### Pagsusuri ng mga Datos

Ang lahat ng datos sa pag-aaral na ito ay makakalap at kukunin sa pamamagitan ng maingat na pagsusuri sa mga ginamit na antas ng wika, tema at mensahe sa mga kanta ng mga Pinoy bands.

Sa pag-aaral na ito, upang maging epektibo ang proseso ng pagtukoy, pagpili, at pagsusuri ng impormasyon mula sa mga napiling kanta, mahalagang unahin ang pagtakda ng yunit na susuriin. Kung kaya, ang mga salita o pahayag na matatagpuan sa mga liriko ng kanta ang magsisilbing pangunahing batayan ng pagsusuri. Ito ang magiging sentro ng pag-aanalisa upang mas maunawaan kung paano naipapahayag ng mga awitin ang kanilang nilalaman. Upang masagot ang pangunahing katanungan ng pananaliksik na ano-ano ang mga salitang kolokyal, balbal, lalawiganin, pambansa, at pampanitikan ang ginamit sa mga kanta ng mga Pinoy bands ay gagamitin ng mananaliksik ang Register Analysis Framework ni Halliday (1964), na kung saan susuriin ng mananaliksik ang paggamit ng wika batay sa kanilang target na tagapakinig (field), ang uri ng mensahe o tema ng kanilang awit (tenor), at ang konteksto ng kanilang pagganap (mode). Sa pamamagitan nito, masuri ang mga pormal at di-pormal na mga wika at upang maklasipika at maanalisa ang mga salitang ito.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Upang masagot ang ikalawang katanungan tungkol sa ano-ano ang mga pangunahing tema at mensahe na ipinapahayag sa mga kanta ng mga pinoy bands ay gagamitin ng mananaliksik ang Systemic Functional Linguistics Framework ni Halliday (1961), na kung saan susuriin ng mananaliksik ang mga ideational metafunction susuriin kung paano inilalarawan ang karanasan at ideya ng kanta, ang interpersonal metafunction susuriin ang kanta kung papaano ipapaabot ng mang-aawit ang kaniyang koneksyon sa tagapakinig, at ang textual metafunction sa pamamagitan nito mauunawaan kung paano inoorganisa at ang istrutkura ng buong kanta. Sa pamamagitan nito, mas mauunawaan ang malalim na kahulugan ng tema at mensahe ng kanta ng mga Pinoy bands.

## RESULTA AT DISKUSYON

Unang Katanungan sa Pananaliksik: Ano-ano ang mga salitang kolokyal, balbal, lalawiganin, pambansa, at pampanitikan ang ginamit sa mga kanta ng mga Pinoy bands?

Sa bahaging ito ng pananaliksik, tinalakay ang mga antas ng wika na matatagpuan sa 51 piling kanta. Ang mga kantang ito ay karaniwang nagpapakita ng masining na paggamit ng wika kung saan lumutang ang iba't ibang katangiang lingguwistiko na nagbibigay kulay at lalim sa kanilang mensahe. Bukod dito, ang mga katangian ng kanta na nakalap na kinakikitaan ng mga antas ng wika na mula sa awtor na si Halliday (1964) ang Register Analysi Framework na siyang nagsisilbing hanguan ng korpora ng pananaliksik.

**Talahanayan 1**. Mga Antas ng Wika

| Linguistic Domain | Antas Ng Wika | Sample Statement | Implikasyon |
|---|---|---|---|
| **Field** | 1. Pampanitikan | "Natutulog sa pansitan ang sandigan ng korte." **(PB_10)**<br><br>"At syempre, ako'y isang babaeng torpe na di naman kayang aminin na merong sindi." **(PB_15)**<br><br>"Hindi tulad ng mga nasa politika nakikitanim ng halaman sa kapwa niya." **(PB_05)** | Ang mga *target* na tagapakinig sa mga kantang ito ay pumapatungkol sa magtropa o magkaibigan, politiko at kasintahan. Ang mga tagapakinig ng mga kantang ito ay maaaring magkaroon ng malalim na koneksyon at pang-unawa sa mga isyung ito batay sa kanilang sariling karanasan at ang kultura ng kanilang lipunan. Karagdagan, ang mga mensahe at emosyon na ipinapahayag sa |
| | 2. Pambansa | "At diyan na seseryoso ang usapan, ang pagpapayuhan." **(PB_09)**<br><br>"Miss na miss ko na tawagan ang | |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | barkada, mga gintong pangaral ng ama't ina." **(PB_14)**<br><br>"Kasama ka sa hirap at ginhawa." **(PB_04)** | musika ay may kakayahang magbago ng pananaw o magbigay ng inspirasyon para sa aksyon o pagbabago. |
| | 3. Kolokyal | "Oh, pare ko, mayro'n akong problema." **(PB_08)**<br><br>"'Di nag pa pass sa tagayan, di nya alintana ang hilo't pagkalasing." **(PB_13)**<br><br>"Pero kahit ganon, barkadang matatag sa ngayon." **(PB_03)** | |
| | 4. Balbal | "Ngayong bigtime kana di na tayo nagkikita." **(PB_07)**<br><br>"Siya ang superhero saming magkakaibigan, dakilang tu tumador." **(PB_12)**<br><br>"Minsan lang magkita, tiyak may kuwela, yan ang aking mga tropa." **(PB_02)** | |
| | 5. Lalawiganin | "Na tunay at tapat na kaibigan, oh, mga buang." **(PB_11)**<br><br>"Woh stambay dili mangita ug away, woh stambay kalinaw among kalipay." **(PB_06)**<br><br>"Inday may lain ka nang kalipay, lately man gud sige kag wa sa balay." **(PB_01)** | |
| **Tenor** | 1. Pampanitikan | "Kahit pa matunaw ang mga bituin sa langit." **(PB_30)** | Ang tema ng mga kantang ito ay pumapatungkol sa |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | "Daloy ng pag-ibig do'n kong unang natikman." **(PB_25)** | pag-ibig, lipunan, tsismis, at panloloko o pagtataksil. Ang mga mensahe ng mga kantang ito ay naglalaman ng mga kwento o salaysay na may kinalaman sa moralidad, emosyon, at relasyon na may kapasidad na baguhin o patibayin ang pananaw ng tagapakinig tungkol sa mga isyung ito. |
| | | "Lumangoy sa alaala mo, lumangoy hanggang malunod sayo." **(PB_20)** | |
| | 2. Pambansa | "Kung ang gamot sa aking sakit ay pag-ibig." **(PB_16)** | |
| | | "Mahalin mo na lang ako nang sobra-sobra." **(PB_29)** | |
| | | "Sakit sa lipunan kayo ang ebidensya." **(PB_24)** | |
| | 3. Kolokyal | "Basta't kapiling ka laging merong katuturan." **(PB_19)** | |
| | | "Ang pag-ibig ko sa 'yo'y walang-hanggan, 'di maipaliwanag ang ligayang nadarama." **(PB_17)** | |
| | | "Sa malas kong ito minsan sinwerte din ako nang makilala ang taong tulad mo." **(PB_28)** | |
| | 4. Balbal | "Pinaasa n'ya lang ako, letseng pag-ibig to, whoah-oh-oh." **(PB_23)** | |
| | | "Tadhana'y mayro'ng trip na makapangyarihan." **(PB_18)** | |
| | | "Sana ay di na umasa pa! mukha tuloy akong tanga, noon pa man mahal ka na." **(PB_21)** | |
| | 5. Lalawiganin | "May nakita nong siya'y mabosohan | |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | meron siyang chikinini sa kuwan." **(PB_27)** | |
| | | "Kung ako ka pa lang, ang tanan sa kinabuhi ko walay laing tumong kundi alagaran ka ug mahalon." **(PB_22)** | |
| | | "Sulngon ko ang panggubatan pakamatyan ang buwan, kabukiran latason adlawng tanan adalawng tanan, inday." **(PB_26)** | |
| **Mode** | 1. Pampanitikan | "Habang may tatsulok at sila ang nasa tuktok di matatapos itong gulo." **(PB_50)** | Ang mga kantang tumatalakay sa emosyong kahirapan, problema, niloko, tagumpay, pagkabadtrip, at pinaasa ay may malalim na konektado sa emosyonal na kalagayan ng tagapakinig, kaya't malaki ang epekto nito sa kanilang nararamdaman kung paano nila tinatanggap ang mga mensahe sa kantang ito na nakasalalay sa kanilang sariling karanasan, pananaw, at emosyon. |
| | | "Ngayoy panay problemang bumabalot sa buto." **(PB_45)** | |
| | | "Sa lupit ng sinapit babaha ng iyakan." **(PB_31)** | |
| | 2. Pambansa | "Kung kalian ka naging seryoso, saka ka n'ya gagaguhin." **(PB_35)** | |
| | | "Lungkot moy dala-dala." **(PB_39)** | |
| | | "Ang puso, ialay sa laban kapalit ay tagumapay." **(PB_42)** | |
| | 3. Kolokyal | "'Di na mababawi ang puso kong sawi." **(PB_47)** | |
| | | "Kung kelan naman ako nahuhulog na sa iyo, saka mo ako iiwan." **(PB_40)** | |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | |
|---|---|
| | “’Kala ko noon, mahal mo ko, sagad hanggang buto.” **(PB_36)** |
| 4. Balbal | “Bahala na kayo sa buhay niyo basta wag nyo kong gawing tanga.” **(PB_51)** |
| | “Badtrip pero alam mong trip na trip kita.” **(PB_49)** |
| | “Wag yang katangahan mo ang pinapairal. alam mo nang niloloko ka niya pero nagbulag-bulagan ka pa.” **(PB_32)** |
| 5. Lalawiganin | “Isang mahiwagang dilag, na ang ngalan ay di ko alam.” **(PB_38)** |
| | “Uno, dos, tres, kwatro, dead na dead na talaga ako sa mga pakembot-kembot mo.” **(PB_34)** |
| | “Wa koy laing dala kundi kining awit sa paghigugma, bisag kinaraan mga pulong gikan sa akong dughan.” **(PB_41)** |

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang iba’t ibang antas ng wikang ginamit sa mga kanta ng mga Pinoy bands, batay sa 51 kantang naging bahagi ng pananaliksik na ito. Kabilang sa mga natukoy na uri ng wika ang pampanitikan, pambansa, kolokyal, balbal, at lalawiganin na siyang nagpapakita ng makulay at masalimuot na gamit ng wika sa kanilang mga awitin.

**Pampanitikan**

Ang pampanitikan ay tumutukoy sa mga salitang may malalim at masalimuot na kahulugan na may taglay na mataas na uri o kagandahan. Kadalasang ginagamit ito ng manunulat, tulad ng mga nobelista at kuwentista upang magbigay ng higit na lalim at emosyonal na epekto sa kanilang mga akda. Bukod sa mga manunulat, ang mga dalubwika at eksperto sa wika ay gumagamit din ng mga pampanitikang salita upang mapagyaman at mapalawak ang kanilang diskurso o pagtalakay sa mga paksang may kinalaman sa lingguwistika. Ang mga salitang ito ay may kakayahang magbigay buhat at kulay sa mga

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

akdang pampanitikan upang ipahayag ang mga ideyas at damdamin ng mas mataas na antas (College Sidekick, 2024).

Nakalahad sa unang parte ng talahanayan ang halimbawa ng pampanitikan kung saan makikita sa kantang “Ilusyon” ang lirikong “Natutulog sa pansitan ang sandigan ng korte” na nagpapakita ng walang nagawang pagbabago ang mga nasa gobyerno. Sa bahaging ito, ang lirikong ito ay halimbawa ng pampanitikan na salita sapagkat may lalim itong kahulugan.

Nakalahad naman sa pangalawang halimbawa ng pampanitikan kung saan makikita sa kantang “Babaeng Torpe” ang lirikong “At syempre, ako’y isang babaeng torpe na di naman kayang aminin na merong sindi” ay nagpapakita ng hindi kayang aminin ang tunay na nararamdaman sa isang tao. Sa bahaging ito, ang liriko ay halimbawa ng pampanitikan na salita sapagkat ito ay hindi literal ang kahulugan ng mga salitang ginamit sa kanta.

Sa pangatlong halimbawa naman kung saan makikita sa kantang “Suplado Ka Pala sa Personal” ang lirikong “Hindi tulad ng mga nasa politika nakikitanim ng halaman sa kapwa niya” ay nagpapakita ng kabutihang loob at pagtulong sa kapwa o sa mamamayan. Sa bahaging ito, ang liriko ay halimbawa ng pampanitikan na salita sapagkat makukulay ang salitang ginamit upang ilarawan ang katangian ng isang tao.

Ang pang-apat naman na halimbawa kung saan makikita sa lirikong “Kahit pa matunaw ang mga bituin sa langit” sa kantang “Paulit-ulit” na nagpapakita ng matinding pagmamahal sa kabila ng mga pagsubok. Sa bahaging ito, ang liriko ay halimbawa ng pampanitikan na salita sapagkat isa itong metaporikal na pahayag na siyang nagpalalim ng kahulugan sa liriko.

Kasama sa halimbawa kung saan makikita sa kantang “Muli” ang lirikong “Daloy ng pag-ibig do’n kong unang natikman” ay nagpapakita ng karanasan ng unang pagmamahal o pag-ibig. Sa bahaging ito, ang liriko ay halimbawa ng pampanitikan na salita sapagkat makukulay ang salitang ginamit na siyang nagbigay buhay sa kahulugan ng mga salita.

Sa kantang “Hang-over”, makikita ang halimbawa ng pampanitikan sa lirikong “Lumangoy sa alaala mo, lumangoy hanggang malunod sayo” ay nagpapakita ng pangungulila sa taong minamahal. Sa bahaging ito, ang liriko ay isang halimbawa ng pampanitikan na salita sapagkat gumamit ang may-akda ng malalim na kahulugan na siyang naglalarawan ng kalungkutan ng isang taong nangungulila.

Nakalahad din sa halimbawa ng pampanitikan kung saan makikita sa kantang “Tatsulok” ang lirikong “Habang may tatsulok at sila ang nasa tuktok di matatapos itong gulo” ay nagpapakita ng paghahanap ng katarungan ang mga mahihirap. Sa bahaging ito, ang liriko ay isang halimbawa ng pampanitikan na salita sapagkat may masalimuot itong kahulugan na siyang nagpalalim ng kahulugan.

Nakalahad naman sa halimbawa kung saan makikita sa kantang “Basted” ang lirikong “Ngayoy panay problemang bumabalot sa buto” ay nagpapakita ng matinding problema o pagsubok sa buhay. Sa bahaging ito, ang liriko ay halimbawa ng pampanitikan na salita sapagkat gumamit ang may-akda ng metaporang salita na siyang nagpalalim sa kahulugan ng kanta.

Ang panghuling halimbawa naman kung saan makikita sa kantang “Masaya” ang lirikong “Sa lupit ng sinapit, babaha ng iyakan” ay nagpapakita ng matinding kalungkutan at iyakan ang darating sa buhay

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

na puno ng pagsubok. Sa bahaging ito, ang liriko ay isang halimbawa ng pampanitikan na salita sapagkat naglalahad ito ng malalim na kahulugan.

**Pambansa**
Ang mga salitang pambansa ay karaniwang makikita sa mga aklat pangwika o pambalarila at ginagamit sa pagtuturo sa mga paaralan. Ito rin ang wikang madaling maunawaan ng karamihan saan mang panig ng bansa. Itinuturing itong pamantayang wika dahil sa ito ang karaniwang ginagamit ng mga manunulat, mga edukado, at ng nakararaming Pilipino.

Nakalahad sa halimbawa ng pambansa kung saan makikita sa kantang "Tropa" ang lirikong "At diyan na seseryoso ang usapan, ang pagpapayuhan" ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa bawat isa o sa bawat magkaibigan. Sa bahaging ito, ang liriko ay isang halimbawa ng pambansa sapagkat direkta at literal ang kahulugan nito.

Nakalahad din sa halimbawa kung saan makikita sa kantang "Heto ako" ang lirikong "Miss na miss ko na tawagan ang barkada, mga gintong pangaral ng ama't ina" ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa ugnayang pampamilya at at pagkakaibigan. Sa bahaging ito, ang liriko ay isang halimbawa ng pambansang salita sapagkat madali lamang intindihin ang buong liriko.

Sa pangatlong halimbawa kung saan makikita sa kantang "Bakit Ganyan Ka" ang lirikong "Kasama ka sa hirap at ginhawa" ay nagpapakita na ang pagmamahalan at pangako ay hindi mababago sa anumang sitwasyon. Sa bahaging ito, ang liriko ay isang halimbawa ng pambansa sapagkat literal at tahasan ang kahulugan ng mga salitang ginamit.

Sa ikaapat na halimbawa kung saan makikita sa kantang "Hang-over" ang lirikong "Kung ang gamot sa aking sakit ay pag-ibig" ay nagpapakita ng ang pag-ibig ang itinuturing na solusyon sa mga emosyonal o pisikal na paghihirap. Sa bahaging ito, ang liriko ay isang halimbawa ng pambansa sapagkat literal lamang ang kahulugan ng kanta.

Sa kantang "Antukin" kung saan makikita ang halimbawa ng pambansa sa lirikong "Mahalin mo na lang ako ng sobra-sobra" ay nagpapakita na ang pagmamahal ay hinihiling nang buong katapatan at labis. Sa bahaging ito, ang liriko ay isang halimbawa ng pambansa sapagkat direkta ang kahulugan na siyang nagpapadali upang madaling maunawaan ang kanta.

Sa lirikong "Sakit sa lipunan kayo ang ebidensya" ay matatagpuan sa kantang "Ilusyon" na kung saan makikita sa halimbawa ng pambansa na nagpapakita ng pagbatikos sa mga taong nagiging sanhi ng mga problema sa lipunan. Sa bahaging ito, ang liriko ay isang halimbawa ng pambansa sapagkat madali lamang maintindihan ang kahulugan ng kanta.

Sa ikapitong halimbawa kung saan makikita sa kantang "Pare Ko" ang lirikong "Kung kailan ka naging seryoso saka ka niya gagaguhin" ay nagpapakita ng pagkabigo sa pagiging hindi tapat sa nararamdaman. Sa bahaging ito, ang liriko ay isang halimbawa ng pambansa sapagkat literal ang kahulugan na siyang nagpapadali upang madaling maintindihan ang kanta.

Sa ikawalong halimbawa kung saan makikita sa kantang "Mahaba pa ang Gabi" ang lirikong "Lungkot moy dala-dala" ay nagpapakita ng pagdala ng emosyonal na pasanin. Sa bahaging ito, ang liriko ay isang

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

halimbawa ng pambansa sapagkat madali lamang intindihin ang kanta dahil sa paggamit ng pormal at literal na mga salita.

Sa panghuling halimbawa kung saan makikita sa kantang "Puso: ang lirikong "Ang puso, ialay sa laban kapalit ay tagumpay" ay nagpapakita na ang puso ang laging nananaig sa anumang laban. Sa bahaging ito, ang liriko ay halimbawa ng pambansa sapagkat literal lamang ang kahulugan ng mga salitang ginamit sa kanta.

**Kolokyal**

Ang kolokyal na salita ay pinaikling anyo ng mga salita o parirala kung saan karaniwan ay inaalis ang isa o higit pang tiktik. Madalas itong ginagamit sa araw-araw na pakikipag-usap at bagama't may bahagyang kagaspangan ang tunog ng mga ito, nagkakaroon pa rin ito ng kaayusan depende sa tagapagsalita at sa sitwasyon ng usapan.

Nakalahad sa halimbawa ng kolokyal kung saan makikita sa kantang "Pare Ko" ang lirikong "Oh, pare ko, mayro'n akong problema" ay nagpapakita ng pagsasabing mayroon siyang problema sa buhay. Sa bahaging ito, ang salitang "mayro'n" ay isang halimbawa ng kolokyal na salita sapagkat pinaiksi nito ang salitang "mayroon".

Sa kantang "Tagumpay" kung saan makikita ang halimbawa sa lirikong "'Di nag pa pass sa tagayan, 'di niya alintana ang hilo't pagkalasing" ay nagpapakita ng pagiging lasenggero na isang tao. Sa bahaging ito, ang salitang "'di" ay isang halimbawa ng kolokyal na salita sapagkat pinaiksi nito ang salitang "hindi". Sa ikatlong halimbawa kung saan makikita sa kantang "Tropa" ang lirikong "Pero kahit ganon, barkadang matatag hanggang sa ngayon" ay nagpapakita ng pagiging matatag ng magkakaibigan sa kabila ng mga hamon sa kanilang pagkakaibigan. Sa bahaging ito, ang salitang "ganon" ay isang halimbawa ng kolokyal na salita sapagkat pinaiksi nito ang salitang "ganoon".

Sa ikaapat na halimbawa kung saan makikita sa kantang "Mahaba pa ang Gabi" ang lirikong "Basta't kapiling ka laging merong katuturan" ay nagpapakita ng pagkakaroon ng halaga sa tuwing sila'y nagsasama. Sa bahaging ito, ang salitang "merong" ay isang halimbawa ng kolokyal na salita sapagkat nagmula ito sa salitang "mayroong".

Nakalahad sa halimbawa kung saan makikita sa kantang "Hele Para Kay Stella" ang pariralang "Ang pag-ibig ko sayo'y walang-hanggan, 'di maipaliwanag ang ligayang nadarama" ay nagpapakita ng pag-ibig na walang katapusan. Sa bahaging ito, ang salitang "'di" ay isang halimbawa ng kolokyal na salita sapagkat pinaiksi nito ang salitang "sa akin".

Nakalahad naman sa halimbawa kung saan makikita sa kantang "Muli" ang lirikong "Sa malas kong ito minsan sinwerte din ako nang makilala ang taong tulad mo" ay nagpapakita na sa kabila ng kanyang pagiging malas sa buhay ay sinuwerte din siya noong nakilala niya ang taong mahal niya. Sa bahaging ito, ang salitang "sinwerte" ay isang halimbawa ng kolokyal na salita sapagkat pinaiksi nito ang salitang "sinuwerte".

Sa ikapitong halimbawa kung saan makikita sa kantang "Hari ng Sablay" ang lirikong "'Di na mababawi ang puso kong sawi" ay nagpapakita na hindi na mababawi ang pusong nasaktan. Sa bahaging ito, ang salitang "'di" ay isang halimbawa ng kolokyal na salita sapagkat pinaiksi nito ang salitang "hindi".

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Sa lirikong “kung kelan naman ako nahuhulog sa iyo” ay halimbawa ng kolokyal na makikita sa kantang “Kailang Kita” kung saan nagpapakita ito ng naudlot sa pag-ibig at pinaasa. Sa bahaging ito, ang salitang “kelan” ay isang halimbawa ng kolokyal na salita sapagkat nagmula ito sa salitang “kailan” na pinaiksi lamang.

Sa panghuling halimbawa kung saan makikita sa kantang “Gaya mo” ang lirikong “’kala ko noon, mahal mo ko, sagad hanggang buto” ay nagpapakita ng kumpyansa na akala niya’y mahal siya ng taong mahal niya ngunit hindi pala. Sa bahaging ito, ang salitang “’kala” ay isang halimbawa ng kolokyal na salita sapagkat pinaiksi nito ang salitang “akala”.

**Balbal**

Ang balbal na salita ay itinuturing na pinakapababa sa antas ng wika at karaniwang ginagamit sa impormal na usapan lalo na sa mga kabataan at sa mga usapang kalye. Kadalasan, ito ay mga hiram na salita, pinaikli, o binigyan ng bagong kahulugan sa paraang hindi pormal. Bagama’t bihira itong gamitin sa mga pormal na sulatin o talakayan, madalas naman itong marinig sa pang-araw-araw na pakikisalamuha.

Nakalahad sa halimbawa ng balbal kung saan makikita sa kantang "Suplado ka Pala sa Personal" ang lirikong “Ngayong big-time kana di na tayo nagkikita" ay nagpapahayag na hindi na sila nagkikita ng taong tinutukoy mula noong ito’y naging mayaman. Sa bahaging ito, ang salitang "big-time" ay isang halimbawa ng balbal na salita sapagkat ito ay impormal na salita na kadalasang ginagamit ng mga magkaibigan.

Nakalahad naman sa halimbawa ng balbal kung saan makikita sa kantang "Tagumpay" ang lirikong "Siya ang superhero saming magkakaibigan, dakilang tu tumador" ay nagpapahayag ng pagiging isang mabibig o pagiging makuwento ng isa nilang kaibigan. Sa bahaging ito, ang salitang "tumador" ay isang halimbawa ng balbal na salita sapagkat kadalasan itong ginagamit ng mga kabataan sa pang-araw-araw na pakikipag-usap.

Ang pangatlong halimbawa ng balbal kung saan makikita sa kantang "Tropa" ang lirikong "Minsan lang magkita, tiyak may kuwela yan ang aking mga tropa" ay nagpapahayag ng pagiging masaya ng magkaibigan kapag ito ay nagkikita o nagsasama. Sa bahaging ito, ang salitang "tropa" ay isang halimbawa ng balbal na salita sapagkat impormal ang salitang ito na ginagamit sa halip na “magkaibigan”.

Sa pang-apat na halimbawa naman ng balbal kung saan makikita sa kantang "Pare ko" ang lirikong "Pinaasa nya lang ako, letseng pag-ibig to, whoah-oh" ay nangangahulugan na umasa siya sa pag-ibig na hindi naman pala totoo. Sa bahaging ito, ang salitang "letse" ay isang halimbawa ng balbal na salita sapagkat impormal at bulgar ang salitang ito.

Nakalahad sa halimbawa ng balbal kung saan makikita sa kantang "Antukin" sa lirikong "Tadhanay mayrong trip na makapangyarihan" ay nagpapahayag na ang panahon ay may taglay na makapangyarihan sapagkat kung gusto ay may paraan at kung ayaw naman ay mayroong dahilan. Sa bahaging ito, ang salitang "trip" ay isang halimbawa ng balbal na salita sapagkat impormal ang salitang ito.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Nakalahad din sa halimbawa ng balbal kung saan makikita sa kantang "Ung Tagalog" ang lirikong "Sana ay di na umasa pa! Mukha tuloy akong tanga" ay nagpapakita na umaasa siya sa wala, kung alam niya lang sana mas mabuti pa'ng hindi na lang siya umasa pa. Sa bahaging ito, ang salitang "tanga" ay isang halimbawa ng balbal na salita sapagkat impormal ang salitang ito na kadalasan ginagamit ng mga kabataan sa araw-araw na pakikipag-usap.

Sa ikapitong halimbawa ng balbal kung saan makikita sa kantang "Ilusyon" ang lirikong "Bahala na kayo sa buhay niyo basta wag niyo kong gawing tanga" ay nagpapahayag na wala na siyang pakialam sa buhay nila basta sa sarili niya alam niya ang totoo. Sa bahaging ito, ang salitang "tanga " ay isang halimbawa ng balbal na salita sapagkat impormal ang salitang ito na kadalasan ginagamit ng mga kabataan sa araw-araw na pakikipag-usap.

Nakalahad sa ikawalong halimbawa ng balbal kung saan makikita sa kantang "High-end" ang lirikong " Badtrip pero alam mong trip na trip kita" ay nagpapakita ng pagkainis pero nais nitong ipabatid na gustong-gusto at natitipuhan niya ito. Sa bahaging ito, ang salitang "badtrip" ay isang halimbawa ng balbal na salita sapagkat kadalasan itong ginagamit ng mga kabataan o magkaibigan sa pang-araw-araw na pakikipag-usap.

Ang panghuling halimbawa kung saan makikita sa kantang "Wag Mong Isipin'yon" ang lirikong "Wag yang katangahan moa ng pinapairal alam mong nang niloloko ka niya nagbulag-bulagan ka pa" ay nagpapakita ng pagtataksil ng kanyang minamahal ngunit binabalewala niya lamang ito. Sa bahaging ito, ang salitang "katangahan" ay isang halimbawa ng balbal na salita sapagkat ginagamit ito ng mga kabataan o magkaibigan sa kanilang pang-araw-araw na pakikipag-usap.

**Lalawiganin**

Ang mga salitang lalawiganin ay mga diyalektong ginagamit ng mga tao sa iba't ibang lalawigan upang mas epektibong makipagkomunikasyon sa kanilang pamayanan. Madaling matukoy ang ganitong uri ng wika dahil sa natatanging punto o tono ng pagsasalita na kadalasang kaiba sa karaniwang ginagamit sa ibang lugar.

Nakalahad sa halimbawa ng lalawiganin kung saan makikita sa kantang "Tropa" ang lirikong "Na tunay at tapat na kaibigan, oh, mga buang" ay nagpapakita ng pagiging tunay na kaibigan. Sa bahaging ito, ang salitang "buang" ay isang halimbawa ng lalawiganin na salita sapagkat ginagamit ito partikular na sa Bisaya bilang eskpresyon lamang. Ang salitang buang ay nangangahulugang baliw sa Filipino.

Nakalahad din sa halimbawa kung saan makikita sa kantang "Stambay" ang lirikong "Woh stambay dili mangita ug away, woh stambay kalinaw among kalipay" ay nagpapakita na ang tambay ay hindi naghahanap ng away kundi kalinawan na siyang nagbibigay sa kanila ng kaligayahan. Sa bahaging ito, ang liriko ay isang halimbawa ng lalawiganin na salita sapagkat bisaya na salita ang ginamit sa kanta.
Sa ikatlong halimbawa kung saan makikita sa kantang "Inday" ang lirikong "Inday may lain ka nang kalipay, lately man gud sige kag wa sa balay" ay nagpapakita na may iba ng kaligayahan ang kanyang minamahal dahil palagi itong wala sa bahay. Sa bahaging ito, ang liriko ay isang halimbawa ng lalawiganin na salita sapagkat bisaya na salita ang ginamit sa kanta.

Sa ikaapat naman na halimbawa kung saan makikita sa kantang "Chikinini" ang lirikong "May nakita nong siya'y mabosohan meron siyang chikinini sa kuwan" ay nagpapakita ng may nakitang markang chikinini sa bahagi ng kanyang katawan. Sa bahaging ito, ang salitang "kuwan" ay isang halimbawa ng

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

lalawiganin na salita sapagkat ginagamit ito ng mga Bisaya o Cebuano na ginagamit sa panghalili o pagpapalit ng isang bagay na hindi agad matandaan o mailarawan.

Sa ikalimang halimbawa kung saan makikita sa kantang “Kung Ako ka Palang” ang lirikong “Kung ako ka pa lang, ang tanan sa kinabuhi ko walay laing tumong kundi alagaran ka ug mahalon” ay nagpapakita na ibibigay niya lahat ng pagmamahal at pag-aalaga sa taong magiging sa kaniya. Sa bahaging ito, ang liriko ay isang halimbawa ng lalawiganin na salita sapagkat bisaya na salita ang ginamit sa kanta.

Sa halimbawa kung saan makikita sa kantang “Harana” ang lirikong “Sulngon ko ang panggubatan pakamatyan ang buwan, kabukiran latason adlawng tanan adlawng tanan” ay nagpapakita ng pagiging tunay sa kaniyang nararamdaman na sa kabila ng hamon ay kaya niyang daanan lahat-lahat. Sa bahaging ito, ang liriko ay isang halimbawa ng lalawiganin na salita sapagkat bisaya na salita ang ginamit sa kanta.

Sa ikapitong halimbawa kung saan makikita sa kantang “Hele Para kay Stella” ang lirikong “Isang mahiwagang dilag, na ang ngalan ay di ko alam” ay nagpapakita na hindi niya alam ang pangalan ng isang magandang dilag. Sa bahaging ito, ang salitang “ngalan” ay isang halimbawa ng lalawiganin na salita sapagkat isa itong bisaya na salita na nangangahulugang “pangalan” sa Filipino.

Sa ikawalong halimbawa kung saan makikita sa kantang “No Touch” ang lirikong “Uno, dos, tres, kuwatro, dead na dead na talaga ako sa mga pakembot-kembot mo” ay nagpapakita ng pagkamangha sa tuwing kumekembot-kembot ang dalaga. Sa bahaging ito, ang salitang “Uno, dos, tres, kuwatro” ay halimbawa ng lalawiganin na salita sapagkat ginagamit ito kapag nagbibilang ng numero ang mga Chavacano.

Sa huling halimbawa naman kung saan makikita sa kantang “Harana” ang lirikong “Wa koy laing dala kundi kining awit sa paghigugma, bisag kinaraan mga pulong gikan sa akong dughan” ay nagpapakita ng pagiging tapat sa kanyang nararamdaman na kahit na luma ang mga binitiwang mga salita basta’t nanggaling sa kanyang puso. Sa bahaging ito, ang liriko ay isang halimbawa ng lalawiganin na salita sapagkat bisaya na salita ang ginamit sa kanta.

Ikalawang katanungan sa pananaliksik: Ano-ano ang mga pangunahing tema at mensahe na ipinapahayag sa mga kanta ng mga Pinoy bands?

Ang teoryang ginamit sa pagsusuri sa mga tema at mensahe sa mga kanta ng mga Pinoy bands ay ang Systemic Functional Linguistics ni Halliday (1961). Kung saan ito ay may tatlong domain ang Ideational Metafunction, Interpersonal Metafunction, at Textual Metafunction na nakatuon na suriin ang mga tema at mensaheng ipinapahayag sa mga kanta ng mg Pinoy bands. Sa ganitong paraan, maaaring masuri ang tema at mensahe ng mga kanta ng Pinoy bands sa mas malalim na antas, pati na rin ang kanilang implikasyon.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

**Talahanayan 2**. Systemic Functional Linguistic

Mga Tema at Mensahe ng Kanta

| Linguistic Metafunction | Tema | Sample Statement | Implikasyon |
|---|---|---|---|
| **Ideational Metafunction** | Pagkasira ng Tiwala at Pagkakanulo | "Alam mo nang nililoko ka niya pero nagbubulag-bulagan ka pa." **(PB_16)** | Gamit ang *Ideational Metafunction* ang kanta ay maaaring magpahayag ng mga damdamin at karanasan ng pagkasira ng tiwala, pagkakanulo, at pag-asa sa isang relasyon na hindi natutugunan. Ipinapakita nito ang iba't ibang bahagi ng pag-ibig na puno ng kalungkutan, pagkabigo, at alaala na nagpapahayag ng mga tema sa bawat bahagi ng kanta. |
| | | "Tama bang niloko mo, sinayang mo ang oras ko." **(PB_32)** | |
| | | "Gaya mo, pare-pareho lang kayo, pare-parehong manloloko." **(PB_18)** | |
| | Hindi Makapaniwala sa Naramdamang Pag-ibig | "'Di ko mapaniwalaan na ikaw ay nasa piling ko, sinta." **(PB_34)** | |
| | | "Hindi ko masabi sa'yong nasa puso ko." **(PB_49)** | |
| | | "Upang malunod na ang puso kong nahihirapan." **(PB_19)** | |
| | | "Kwento kwento lang muna tayo ng nakaraan." **(PB_35)** | |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | |
|---|---|
| Pagbabalik-tanaw sa Alaala ng Nakaraan | “Wag na wag mong hahayaang malungkot sa mga pinagdaanan.” **(PB_24)** |
| | “Mahirap bumangon, anong nangyari kahapon.” **(PB_29)** |
| | “Giliw, wag mo sanang limutin ang mga araw na hindi sana naglaho.” **(PB_30)** |
| Karanasan ng Pagkabigo sa Pag-ibig | “Basted ka na naman.” **(PB_26)** |
| | “Tapos ngayon gusto mo *break* na.” **(PB_23)** |
| | “Nais kong magpakalasing dahil wala ka na.” **(PB_21)** |
| Umasa sa Pag-ibig na Walang Patutunguhan | “Akala ko noon may pag-asa sayo dahil sa iyong sinabi na maghihintay lang ako.” **(PB_17)** |
| | “Wag ka na lang umasa pa, tapos na itong pelikula, sana ay tanggapin mo |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | nang ako ay wala na nga." **(PB_20)**<br><br>"Pinaasa lang ako sa wala." **(PB_15)** | |
| **Interpersonal Metafunction** | Walang Katiyakan sa Damdamin | "Ba't ba ang labo niya? Di ko maipinta." **(PB_01)**<br><br>"Bakit ka ganyan sinta? Wala ka bang nadarama?" **(PB_05)**<br><br>"Ano ba talagang mas gusto ko? Ang beer na to o ang pag-ibig mo?" **(PB_10)**<br><br>"Sa sine na lang ba natin masisilip ang bagay na parang imposible?" **(PB_09)** | Gamit ang *Interpersonal Metafunction* ay ipinapakita kung paano ang mga karakter o aktor sa kanta ay nagpapahayag ng kanilang emosyon tulad na lamang ng walang katiyakan sa damdamin, pangungulila, pagnanais ng kasiguraduhan sa relasyon, paghahanap ng direksyon, at pagkawala ng tiwala at atensyon. |
| | Nagpapahayag ng Pangungulila sa Isang Tao | "Ano kayang ginagawa mo ngayon, iniisip mo ba ko nung bagong taon." **(PB_04)**<br><br>"Saan ka dadalhin ng isipan mong parang hangin?" **(PB_11)**<br><br>"Kailang kaya kita maiuuwi?" **(PB_13)** | |
| | Pagnanais ng Kasiguraduhan sa isang Relasyon | "Hanggang kalian maghihintay? Ako ay nabuburat na." **(PB_02)**<br><br>"Kailan kaya kita maitatabi?" **(PB_06)** | |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | “Sorry na saan ka pupunta? *Please* naman wag kang mawawala.” **(PB_08)** | |
| | Paghahanap ng Direksyon sa Isang Relasyon | “Pwede bang malaman kung saan patungo ang daang to?” **(PB_14)** | |
| | | “Ano kaya iisipin mo kung *one day* bigla lang nagtagpo tayo.” **(PB_12)** | |
| | Pagkawala ng Tiwala at Atensyon sa Isang Relasyon | “Bakit ba niloko mo? Sinayang mo oras ko.” **(PB_03)**<br>“Sorry na nakikinig ka ba? Malamang sawa ka na.” **(PB_07)**<br>“Hindi mo ba napapansin nakekengkoy ka na.” **(PB_22)** | |
| **Textual Metafunction** | Lipunan at Politika | “Sakit oo pero ngayon ay epidemya.” **(PB_25)**<br>“Magpapakapropeta para walang protesta.” **(PB_46)**<br>“Nagpapakakibo at hindi epektibo.” **(PB_50)**<br>“Ang dating munting bukid ngayo’y sementeryo”. **(PB_48)** | Ang *Textual Metafunction* ay tumutulong sa may-akda na ipahayag ang kanyang damdamin at ideya sa mas organisado at makabuluhang paraan. Sa pamamagitan nito, naipapahayag ang mga temang panlipunang may halong pagpuna at damdaming gaya ng pagtataksil, pag-ibig, pag-asa, pagsubok, tamis at pait ng buhay, at maging |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Sa Pagitan ng Mayaman at Mahirap | "Iligtas ang hininga ng kay raming mga tao." **(PB_47)**<br><br>"Tulad ng dukha nailagay mo sa tuktok." **(PB_27)**<br><br>"Sagad hanggang buto." **(PB_28)** | ang mga hiling at pangungulila. Dito rin natin makikita kung paano magkakaugnay ang bawat bahagi ng teksto upang makabuo ng mas malalim na kahulugan at damdamin para sa mambabasa. |
| | Pagtitiwala at Pagtataksil | "Gaya mo, pare-pareho lang kayo." **(PB_51)**<br><br>"Wala namang balat, ba't laging maalat?" **(PB_45)**<br><br>"Iduduyan ka ng umaagos kong pag-ibig." **(PB_41)** | |
| | Pag-ibig at Hangganan | "Kailanma'y 'di magmamaliw ang aking pagmamahal." **(PB_36)**<br><br>"Wagas kong pag-ibig ay hindi magwawalay." **(PB_43)**<br><br>"Manaog at silipin ang buwan at bituin." **(PB_33)** | |
| | Pag-asa at Pagsubok | "Ipihit ang mga binti." **(PB_42)**<br><br>"Sisikat din ang haring araw." **(PB_31)**<br><br>"Walang kasing tamis, wala ring | |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | |
|---|---|---|
| | | katumbas na pait." **(PB_37)** |
| | Tamis at Pait ng Buhay | "Pangarap at asin, at ang dagat na saksi." **(PB_40)** |
| | | "Tagiliran ng liwanag, ilang pangarap ang pinusta." **(PB_39)** |
| | | "Kulang na lang ay matunaw kang parang yelo." **(PB_44)** |
| | Himig at Pag-ibig | "Mga titig na nakakapaso." **(PB_38)** |
| | | "Kahit ang langit ay nakiki-awit." **(PB_30)** |
| | | "Kahit pa matunaw ang mga bituin sa langit." **(PB_17)** |
| | Hiling at Pangungulila | "Parang isang hampas na tumama sa aking pisngi." **(PB_12)** |
| | | "Sumama ka nalang sa hangin." **(PB_21)** |

Sa talahanayan 2, makikita ang iba't ibang tema at mensahe na namamayani sa mga awitin ng mga Pinoy bands. Ang mga kantang ito ay sumasalamin sa malalim na damdamin at pananaw na hinango sa mula sa samu't saring karanasan ng tao tulad ng pag-ibig, kalayaan, pagtataksil, mga isyung panlipunan, at karapatang pantao. Sa bawat awitin, bininigyang-buhay ng mga banda ang mga lwento ng pag-asa, tagumpay, at pagmamahal sa bayan, mga mensaheng tumutugma sa pangarap, mithiin, at damdamin ng karaniwang Pilipino. Hindi lamang nilalayong magbigay-aliw ang kanilang musika kundi nagsisilbi rin itong daluyan ng kamalayan at panawagan para sa positibong pagbabago. Sa pamamagitan ng talahanayang ito, mas madali nating maunawaan at mapahalagahan ang

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

makabuluhang ambag ng musikang Pinoy hindi lang sa sining, kundi maging sa paghubog ng ating kultura at lipunan

**Ideational Metafunction**
Ang ideational metafunction ay tumutukoy sa paraan ng pagpapahayag ng wika tungkol sa ating mga karanasan at pananaw sa mundo. Sa madaling salita, ito ay tungkol sa kung anong mga ideya, aksyon, at pangyayari ang ipinapakita sa isang teksto. Sa pamamagitan din ng ideational metafunction, makikita ang mensahe ng isang kanta.

Nakalahad sa talahanayan ang unang halimbawa ng ideational metafunction ang "Pagkasira ng tiwala at pagkakanulo", ipinahayag dito ang karanasan ng isang tao sa pag-ibig. Ang mensahe ng kanta ay nagpapakita ng pagiging taksil ng isang tao at ang pagkasira o pagkawala ng tiwala nito.

Nakalahad naman sa ikalawang halimbawa ng ideational metafunction ang "Hindi makapaniwala sa naramdamang pag-ibig", ipinahayag dito ang pananaw ng isang tao sa kanyang nararamdaman. Ang mensahe ng kanta ay nagpapakita ng kaligayahan ng isang taong umiibig.

Nakalahad din sa ikatlong halimbawa ng ideational metafunction ang "Pagbabalik-tanaw sa alaala ng nakaraan", ipinahayag dito ang karanasan ng isang tao sa nakaraan. Ang mensahe ng kanta ay nagpapakita ng pangungulila sa isang taong naging bahagi ng kanyang buhay.

Makikita sa ikaapat na halimbawa ng ideational metafunction ang "Karanasan ng pagkabigo sa pag-ibig", ipinahayag dito ang karanasan ng taong nabigo. Ang mensahe ng kanta ay nagpapakita ng hindi masuwerte sa pag-ibig kaya't laging nabibigo at nasasaktan.

Ang huling halimbawa ng ideational metafunction ang "Umasa sa pag-ibig na walang patutunguhan", ipinahayag dito na pinaasa ang isang tao sa wala. Ang mensahe ng kanta ay nagpapakita ng hindi pagiging matapat sa nararamdaman.

**Interpersonal Metafunction**
Ang interpersonal metafunction ay tumutukoy sa paraan ng paggamit ng wika upang ipakita ang ugnayan sa pagitan ng tagapagsalita at tagapakinig. Hindi lang ito tungkol sa pagbibigay ng impormasyon, kundi pati na rin sa pagtatag ng koneksyon at relasyon. Maaaring gamitin ng mang-aawit ang mga pahayag o tanong upang magtatag ng koneksyon sa tagapakinig.

Nakalahad sa unang halimbawa ng interpersonal metafunction ang "Walang katiyakan sa damdamin", ipinahayag dito ang walang kasiguraduhan sa nararamdaman. Ang mensahe ng kanta ay nagpapakita ng pag-aalinlangan sa sarili sa isang relasyon.

Nakalahad naman sa pangalawang halimbawa ng interpersonal metafunction ang "Nagpapahayag ng pangungulila sa isang tao", ipinahayag dito kakulangan ng presensya ng isang tao. Ang mensahe ng kanta ay nagpapakita ng kalungkutan dulot ng distansya mula sa isang mahal sa buhay.

Makikita sa ikatlong halimbawa ng interpersonal metafunction ang "Pagnanais ng kasiguraduhan sa isang relasyon", ipinahayag dito ang kagustuhan na magkaroon ng katiyakan o tiwala sa isang relasyon. Ang mensahe ng kanta ay nagpapakita na nais niyang makaramdam ng seguridad sa isang relasyon upang magkaroon ng magandang direksyon.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Sa pang-apat na halimbawa kung saan makikita ang interpersonal metafunction ang "Paghahanap ng direksyon sa isang relasyon", ipinahayag dito ang paghahangad na magkaroon ng magandang patutunguhan ang isang relasyon. Ang mensahe ng kanta ay nagpapakita ng pag-asa na magkaroon ng direksyon ang isang relasyon.

Sa ikalimang halimbawa kung saan makikita ang interpersonal metafunction ang "Pagkawala ng tiwala at atensyon sa isang relasyon", ipinahayag dito ang pagkasira ng tiwala at pag-iba ng atensyon sa isang relasyon. Ang mensahe ng kanta ay nagpapakita ng pagkasawa sa isang relasyon kaya't nawalan na ito ng atensyon at tiwala sa isa't isa.

**Textual metafunction**

Ang textual metafunction ay tumutukoy sa paraan ng pag-aayos ng wika upang maiparating ang mensahe nang malinaw at epektibo. Dito, ang wika ay ginagamit upang magbigay ng estruktura at koneksyon sa loob ng isang teksto, tulad ng pagbuo ng mga tema, tamang pagkakasunod-sunod ng mga ideya, at pagpapanatili ng ugnayan ng bawat bahagi ng mensahe.

Nakalahad sa unang halimbawa ng textual metafunction ang "Lipunan at politika", ipinahayag dito na walang pagbabago sa lipunan at walang silbi ang nakaupo sa pwesto, ang mga politiko. Ang mensahe ng kanta ay nagpapakita ng realidad na nangyayari sa pagitan ng lipunan at politika.

Nakalahad rin sa halimbawa ng textual metafunction ang "Sa pagitan ng mayaman at mahirap", ipinahayag dito ang karanasan ng mga mahihirap na laging nasa baba lamang at walang karapatang lumaban. Ang mensahe ng kanta ay nagpapakita ng hindi pagkapantay-pantay ng katarungan at walang hustisya sa pagitan ng mahirap at mayaman.

Sa ikatlong halimbawa ng textual metafunction ang "Pagtitiwala at pagtataksil", ipinahayag dito ang pagkakanulo, panglolоko, at pagkawala ng tiwala sa isang tao. Ang mensahe ng kanta ay nagpapakita ng masidhing damdamin dahil sa pagtataksil ng isang tao.

Sa pang-apat na halimbawa ng textual metafunction ang "Pag-ibig at Hangganan", ipinahayag dito na ang pag-ibig ay walang hangganan. Ang mensahe ng kanta ay nagpapakita ng pagkakaroon ng tiwala sa isa't isa at hindi matitinag na pag-ibig.

Makikita sa ikalimang halimbawa ng textual metafunction ang "Pag-asa at pagsubok", ipinahayag dito na sa kabila ng pagsubok ay magkakaroon ng liwanag sa buhay. Ang mensahe ng kanta ay nagpapakita ng pagiging metatag sa gitna ng hamon sa buhay.

Nakalahad sa ikaanim na halimbawa ng textual metafunction ang "Tamis at pait ng buhay", ipinahayag dito ang karanasan na sa kabila ng pagkakaroon ng dagok sa buhay ay patuloy pa ring lumalaban tungo sa tagumpay. Ang mensahe ng kanta ay nagpapakita ng kaligayahan at hamon sa totoong buhay.

Nakalahad naman sa halimbawa ng textual metafunction ang "Himig at pag-ibig", ipinahayag dito ang pagkakaroon ng masayang relasyon na puno ng kilig at pag-asa. Ang mensahe ng kanta ay nagpapakita ng mas matamis at makulay na pagmamahalan.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Ang huling halimbawa ng textual metafunction ang "Hiling at pangungulila", ipinahayag dito ang taimtim na pagnanais para sa isang bagay. Ang mensahe ng kanta ay nagpapakita ng pagnanasa at kalungkutan sa nararamdaman.

## KONKLUSYON

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay upang masusing suriin ang iba't ibang antas ng wika na matatagpuan sa mga kanta ng mga Pinoy bands pati na rin ang pagsusuri sa mga tema at mensahe na ipinapahayag ng kanilang mga awit. Ayon sa mga nakalap na datos, nakikita na ang karamihan sa mga kanta ng mga Pinoy bands ay gumagamit ng mga kolokyal at balbal na wika. Gayunpaman, may mga banda rin na mas pinipiling gumamit ng mga pambansang wika at mga pampanitikan na salita. Sa kabila ng lahat ng ito, napansin na hindi madalas ginagamit ang mga salitang lalawiganin sa kanilang mga kanta. Sa kabilang ng mga pagkakaibang ito sa wika, ang mga awit ng Pinoy bands ay patuloy na nakapagbibigay ng makulay na mensahe na tumatalakay sa mga karanasang malapit sa puso ng kanilang mga tagapakinig. Mahalaga ring ituring na ang karamihan sa mga kanta ay nagpapakita ng tamang paggamit ng mga pormal at impormal na wika na sa kabila ng pagiging simple o masalimuot na mga salitang ginamit ay naipapahayag pa rin nang maayos ang orihinal na diwa at ideya ng mga akda.

Bilang karagdagan, mariing inirerekomenda na isama ang mga musikero at tagalikha ng kanta bilang aktibong kalahok sa mga pananaliksik hinggil sa ugnayan ng wika at musika. Para sa mga musikero, makabubuting lumahok sa mga panayam o case study upang maibahagi ang kanilang proseso ng pagsulat, mga intensyong artistiko, at mga konsiderasyong pangwika sa paglikha ng awitin. Sa ganitong paraan, mas mailalantad ang masalimuot na ugnayan ng kanilang personal na pananaw at malikhaing pagpapahayag. Dagdag pa, para naman sa mga edukador, inirerekomendang gamitin ang mga resulta ng ganitong uri ng pananaliksik bilang batayan sa pagbuo ng mga kurikulum na tumutugon sa konteksto ng lokal na sining at wika. Maaaring magsama ng mga aktwal na halimbawa ng awitin ng mga lokal na musikero sa mga aralin upang mapaigting ang kamalayang kultural at mas mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa malikhaing proseso.

## MGA SANGGUNIAN


Amora, B. D. (2020). Pagsusuri ng mga Piling Maikling Kuwento Ni Genoveva Edroza Matute: Mungkahing Disenyo Ng Aralin. *ACADEME University of Bohol Graduate School and Professional Studies*, 17(1), 24–53. https://doi.org/10.15631/aubgsps.v17i1.153

Ardiantari, I. a. P. G., Andriyani, A. a. a. D., & Swabawa, I. B. M. S. (2023). DISCOURSE ANALYSIS ON JIWA YANG BERSEDIH SONG LYRICS. *Lire Journal (Journal of Linguistics and Literature),* 7(2), 290–300. https://doi.org/10.33019/lire.v7i2.227

ATTINASI, J. J. (1974). THE SOCIOLINGUISTICS OF WILLIAM LABOV [Review of Sociolinguistic Patterns; Language in the Inner City: Studies in the Black English Vernacular, by W. Labov]. Bilingual Review / La Revista Bilingüe, 1(3), 279–304. http://www.jstor.org/stable/25743604



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Banguis, R. M., Ph. D. & Department of English, College of Arts and Sciences, Mindanao State University-Buug, Philippines. (2021). Semiotic analysis of some selected OPM songs. *Asian Journal of Advanced Multidisciplinary Researches (AJAMR),* 1(1). https://msubuug.edu.ph/journal/vol1issue1/AJAMR032021005.pdf

BOPEK. (2023, December 1). OPM Music Meaning. Medium. https://medium.com/@alexandra.bopek/opm-music-meaning-ff451d3e50f4

Bresler, L. & University of Illinois at Urbana-Champaign. (1995). Ethnography, Phenomenology and action Research in music education. In *The Quarterly Journal of Music Teaching and Learning*: Vol. VI–VI (No. 3). http://www.bwgriffin.com/gsu/courses/edur7130/qualitative/5_Qual_Ethnog_Phenon_Bresler.pdf

Diko, M. (2023, December). Advancing semantic and pragmatic theoretical frameworks through an analysis of Taylor Swift's "Look What You Made Me Do". In Forum for Linguistic Studies (Vol. 6, No. 1).

Dorri, E. R. (2020). Textual metafunction and translation: A systemic functional linguistic perspective. Applied Linguistics Research Journal, 4(4), 30-40.

Dos Santos, A., & Wagner, C. (2018). Musical elicitation methods: insights from a study with becoming-adolescents referred to group music therapy for aggression. International Journal of Qualitative Methods, 17(1), 1609406918797427.

Econar, P. B. S., Gaddi, J. A. G., Gaviola, S. J. P., Juanite, L. K. Q., Malaluan, Y. E. S. M., Tejano, L. H. A., & Tuanda, R. K. O. (2024). Epekto ng Dayuhang Impluwensiya sa Wika at Kultura ng mga Mag-aaral Sa Ikalabing-Isang Baitang. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 2(5), 1102-1120.

Espada, S. L. (2020). La música a escena. La diplomacia musical española en Estados Unidos (1939-1970). *Cuadernos De Historia Contemporánea*, 42, 285–304. https://doi.org/10.5209/chco.71908

Fan, N. (2020). Strategy use in second language vocabulary learning and its relationships with the breadth and depth of vocabulary knowledge: a Structural equation Modeling study. *Frontiers in Psychology*, 11. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2020.00752

Hidayah, S. N., Wihadi, M., & Rahmatunisa, W. (2023). Textual metafunction analysis about education news text on selected national online newspapers. Journey: Journal of English Language and Pedagogy, 6(2),498-504.http://www.eila.univ-parisdiderot.fr/_media/user/christopher_gledhill/m1_cm3_field_tenor_mode_frame

Kim, T., Lee, J. S., Peng, Z., & Ma, X. (2019). Love in lyrics. *Proceedings of the ACM on Human-Computer Interaction,* 3(CSCW), 1–27. https://doi.org/10.1145/3359181

Lanuza, M. (2016, June 18). Antas ng wika. Academia.edu. https://www.academia.edu/26295005/Antas_ng_wika

Miculob, A. R. (2020). Pagsusuri sa mga Piling Fliptop Lines Nina Abra at Loonie: Mungkahing Disenyo Ng Aralin. *ACADEME University of Bohol Graduate School and Professional Studies*, 17(1), 54–83. https://doi.org/10.15631/aubgsps.v17i1.154



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Morite, J., VILLAHERMOSA, J. M., MARTIZANA, A. D., MOAJE, J. Z., & CABANGON, J. G. (2023, November 25). Lebel ng Pagkilala at Paggamit ng mga Antas ng Wika ng Grade 8 sa Occidental Mindoro State College-High School Laboratory. https://doi.org/10.13140/RG.2.2.30749.90086

MPd, K. S., Tanjung, S., & Nasution, S. N. (2022, August 10). *An ANALYSIS OF CONNOTATIVE MEANING IN ED SHEERAN'S SONG LYRICS*. https://jurnal.ipts.ac.id/index.php/tarombo/article/view/4196

Noval, A. T. (2020). Pag-usbong ng balbal na pananalita bilang modernong wika ng kabataan: Isang pagsusuri. *International Journal of Research Studies in Education*, 10(4). https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5069

Pacol, J. (2023). E-BAKADA: Interaktibong Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino bilang Ikalawang Wika ng mga Banyagang Estudyante. *The Normal Lights*, 17(2). https://doi.org/10.56278/tnl.v17i2.2164

Pristianingrum, S., & Damayanti, R. (2022). PRAGMATIC DIMENSION OF SEMIOTICS IN SONG LYRICS. *Journal of Pragmatics and Discourse Research*, 2(2), 98–107. https://doi.org/10.51817/jpdr.v2i2.215

Ramadhani, N. M., Nainggolan, N. J. K., & Sitompul, N. D. M. (2023). Analysis ideational metafunction in recount text at SMAN 1 Panai Hilir Labuhanbatu, Sumatera Utara. *Jurnal Ilmu Pendidikan Dan Sosial*, 2(1), 29–35. https://doi.org/10.58540/jipsi.v2i1.177

Rosita, H. E., 221141058. (2019). ANALYSIS OF THE SYMBOLS IN WESTLIFE'S SONG LYRICS [Final Project]. In English Department, Faculty of Languages and Arts, Universitas Negeri Semarang, *English Department, Faculty of Languages and Arts, Universitas Negeri Semarang.* http://lib.unnes.ac.id/34525/1/2211413058_Optimized.pdf

Smadi, M. & University of Jordan. (2013). The Effect of Using Songs On Young English Learner's Motivation in Jordan [Journal-article]. *International Journal of Emerging Technologies in Learning* (iJET), 1–5. https://www.dpublication.com/wp-content/uploads/2020/03/68-867.pdf

Villadarez, C. (2021). Analysis on Code-Switching in Pinoy Songs. *International Journal of Linguistics Literature & Translation*, 4(10), 148–158. https://doi.org/10.32996/ijllt.2021.4.10.18

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.